Lahok sa Gawad Palanca 2018
Tula Para sa mga Bata

# Klik Madyik

Kalabaw

Piyesta

Krayola

Hinlalaki

Kamay

Klik Madyik

Sinusungkit

Nahuhulog

Hintuturo

Sampu

## Kalabaw

Kalabaw, kalabaw
sa sapang mababaw.
Pumuputok, pumuputok
sa dulo ng iyong sungay
ang gintong palayok.

Mata mo'y kayumanggi.
Balahibo mo'y maiigsi.
Itinataboy, itinataboy
sa pitik ng iyong buntot
sanlaksang mga langaw

Kalabaw, kalabaw
kalaro ang mga alindanaw:
Humahabol, humahabol
sa awit ng batingaw
pagsapit ng unang sibol

Kalabaw, kalabaw
sa buwan ka iindak.
Umuundap, umuundap
kulay ng mga bulaklak
sa liyab ng bulalakaw

Kalabaw, kalabaw
na guhit ng aking lola:
lumilipad, lumilipad
sa pakpak ng tag-araw
ang bulong ng kamingaw.

- *alindanaw – tutubi*
- *kamingaw – pangungulila*

## Piyesta

Ganito sa amin tuwing piyesta.
Espada'y sinusubo hanggang bituka.

Alak na tubig ginagawang gayuma
ng payasong laging tumatawa.

Ang panyo ay umuusok na kare-kare
ng madyikerong asul ang mga labi.

Nang binuksan ang kanyang sombrero,
lumabas mga kalapati't kuneho.
,
Pumasok ang matandang lasing:
humiga sa nagbabagang lansang.

Hindi nasiyahan sa kanyang drama,
mga karayom isinusubo parang pizza.

Saan ka man dumadako't bumabaling
tuloy ang araw ng pagdiriwang.

Nagsisidalo ang maraming mga bisita:
pulitiko, madre, drayber, yaya at tindera,

Nakikipagsiksikan ang mga deboto:
hinaharana mga kahoy na rebulto.

Ending ng palabas, bulsa ni Lola'y butas:
nilaslas ng madyikerong mandurugas.

- *lansang – pako*

# Krayola

Kinulayan ni Lola ang hardin
gamit ang aking mga krayola.
Kukuha siya ng kulay kahel
para sa mga kupas na talulot.
Kukuha siya ng kulay berde
para sa mga damong ligaw.
Kukuha siya ng kulay dilaw
para sa mga santol at mangga.
Pagkatapos niyang kinulayan
ang pumpong ng gumamela,
ibinigay niya sa akin ang krayola.
Pinakulayan din niya sa akin
ang lahat nang walang kulay
na nagpapatianod sa panganod.
Kinulayan ko ng kayumanggi
ang isang kawan ng mga maya.
Kinulayan ko ng lubos-itim
ang dumaang tagak at uwak.
Kinulayan ko ng lila’t pula
ang lumilipad na alibangbang.
Kinukulayan naming dalawa
ang umaga gamit ang mga krayola.
Pinatitingkad din namin ang kulay
ng tanghali, ng hapon, ng takipsilim
laluna ang mga bituin sa langit.
Makukulay din ang aking panaginip.

- *panganod – ulap*
- *alibangbang – paruparo*

## Hinlalaki

Kung pagpipiliin kung alin ako sa mga daliri,
siyempre ako ang hinlalaki. Sa kanilang lima,
siya kasi ang pinakamalaki. Malakiiiiiiiiiii
na malaki. Astig kaya ang malaki gaya
ng mga higante sa luma't bago kong libro.
Kapag ako'y malaki, hindi ko na kailangan
pang umakyat sa mga puno ng aming bakuran
tulad ng tsiko, kaimito, santol at abokado.
At hindi na rin ako pagagalitan ng lolo ko.
Kaylan at anong taon pa kaya ako lumaki?
Iyong malakiiiiiiiiiii na malaki nang sa ganun
hindi na ako aapihin ng aking mga kaklase.
Nang sa ganun, tatakbuhin ko ang kabundukan.
Nang sa ganun, lalanguyin ko ang karagatan
upang marating at mayakap si Mama sa Japan.

## Kamay

Mahiwaga ang kamay ni Lola.
Pagkatapos niyang pulutin
ang mga kalat sa sala, sa daan
at sa plasa, itinupi niya ito
sa iba't ibang hugis at anyo.
Lumilipad ang mga tagak
na lumang diyaryo sa ulap.
Bumubukad ang mga bulaklak
na sarikulay na pambalot lollipop.
Lumulutang ang mga bangkang
maninipis na karton ng sabon.

Madyik ang kamay ni Lola
kaya lagi ko itong hinahawakan
laluna kapag namamasyal kami
sa parke, sa tabing-dagat, sa parang
upang hindi ako maliligaw sa daan.
Sa aking pagtulog, tinitingnan ko
ang mga daliring gumagalaw
sa gaslaw ng kanyang mga kuwento.
Inanod akong papel na barko.
Lumipad akong liyab ng santelmo.

Klik Madyik

Klik madyik ang mga daliri ni Lola.
Sa bilog na liwanag ng aming lampara,
sila’y mga malilikot na anino’t anyo
ng mga kumakahul-kahol na aso.

Klik madyik ang mga daliri ni Lola.
Sila’y mga nagsasalitang agila
na sumasabay sa kanyang kuwento
ng isang ligaw at nakatatakot na lobo.

Klik madyik ang mga daliri ni Lola.
Sa makulay na mundo ng aking haraya,
nakalalahad silang mga pakpak ng loro
at biglang lumilipad na gamugamo.

Klik madyik ang mga daliri ni Lola.
Magaspang man sila’t ubod nang kunot,
hinahapuhap nila ang aking lungkot
hanggang sa aking pagkahinanok.

- *kunot – kulubot*
- *hinahapuhap - hinahaplos*
- *pagkahinanok – pagkahimbing*

## Sinusungkit

Sinusungkit ni Lola ang mga maliliit
na alitaptap na kumukuti-kutitap sa langit
gamit lamang ang kanyang hinliliit.
Ginuguhit naman niya ang bahaghari
sa tuktok ng tsokolateng bundok
gamit lamang ang kanyang hinlalaki.

Pinapalipad ni Lola ang mga loro
hanggang sa kaharian ng mga kuwago
gamit lamang ang kanyang hinlalato.
Ginigising naman niya ang paruparo
upang salubungin ang papalapit na tag-araw
gamit lamang ang kanyang hintuturo.

Subalit, limang daliri ang kanyang ginagamit
upang pawiin ang mga luha sa aking pisngi
kapag napuputikan ang sidsid ng puti kong damit.

## Nahuhulog

Sabi ni Lola, nahuhulog ang mga balahibo
ng anghel sa parang kung kaya nakalilipad
ang mga ibon pati manok, gangsa at sigbin.

Sabi ni Lola, nahuhulog ang liyab sa kamay
ng anghel sa natutulog na Bundok Binaliw
kung kaya doon sumisilip ang liwayway.

Sabi ni Lola, nahuhulog ang bitbit na alpa
ng anghel sa dagat, sa bukal, sa batis, sa ilog
kung kaya naririnig kong umaawit ang tubig.

Sabi ni Lola, nahuhulog ang mahahabang buhok
ng anghel sa gubat kung kaya tumutubo
ang nagsitaasang mga baging, damo at puno.

Sabi ni Lola, nahuhulog ang mga luha
ng anghel sa aming hardin kung kaya
hinahapuhap ko ang mga hamog sa umaga.

Sabi ni Lola, nahuhulog ang panalangin
ng anghel sa mga talulot kung kaya nangaliya
ako sa mga rosas sa hardin na sana, sana
mayayakap ko si Mama sa aking paggising.

- *sigbin – mitikal na hayop*
- *Bundok Binaliw – isang ingkantadong bundok sa Bohol*
- *nangaliya - sumasamo*

## Hintuturo

Kung tahanan ang aking kamay, hintuturo si Mama.
Siya'y hintuturong hindi nag-uutos, hindi nangungutya,
hindi nanlalait gaya ng aking mga kalaro sa skuwela.
Siya'y hintuturong hindi nag-aakusa kahit ako ang may sala.

Kung tahanan ang aking kamay, hintuturo si Mama.
Siya'y hintuturo na tumuturo sa mga kumikislap na tala,
o nagtuturo sa mga titik ng binabasa kong kuwento.
Ang sarap kaya ng hintuturong nagtuturo kaysa nang-uuto.

Subalit, putol na ang hintuturo ko noong Bagong Taon.
Nasabugan kasi ng giant bawang. Paano, nagpapaputok
kasi ako at nagpapaputok upang maipaaabot
ko kay Mama sa Japan ang aking mga kalungkutan.

# Sampu

Sampu lahat ang aking mga daliri:
tiglilima sa dalawa kong kamay.
Sila ang katulong ko parati
sa lahat ng mga gawaing bahay.

Sampu lahat ang aking mga daliri:
tiglilima sa dalawa kong paa.
Ako'y dinadala't ginagabayan parati
kahit saan man ako magpunta.

Sampu rin ang mga daliri ni Lola:
tiglilima sa dalawa niyang kamay.
Sila'y nanginginig ngunit masasaya
kapag kanyang iwinawagayway.

Sampu rin ang mga daliri ni Lola:
tiglilima sa dalawa niyang paa.
Ito rin ang mga taong nagdaan
noong si Mama ay lumisan.